# Balitang Manmin

BILANG 126 PEBRERO 15, 2015


# "Nakilala Namin ang Diyos na Buhay, May Pangarap Kami Ngayon para sa Kaharian Niya"

## Mga kabataang nakaranas ng kapangyarihan ng Diyos, puno ng mga pangarap at pangitain




▲ Animnapu't tatlong araw pagkapanganak kay Kap. Jungtaek Lee, nabarahan ng ubas ang baga niya. Dalawang beses huminto sa pagtibok ang puso niya. Nabuhay siya pagkatapos tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit na naka-record sa telepono.




▲ Si Cynthia ay gumaling nang ipanalangin ni Dr. Lee ang litrato niya mula sa Seoul. Pitong taong gulang siya noon at muntik nang mamatay dahil sa baradong bituka at celiac disease. Estudyante na siya ngayon ng medisina.

Mga matatanda ang namumuno sa mga gawain ng karamihan sa mga iglesya ngayon. Ipinapalagay na ito ay dahil sa bumababang bilang ng ipinapanganak at kumakaunting mga estudyante at mga kabataan sa lipunan. Iilan lang ang mga kabataan sa mga iglesya. Hindi na dumadalo ang mga estudyante at mga kabataan dahil naghahanda sila para sa pagsusulit na kailangang maipasa para makapasok sa kolehiyo, o kaya naman, dahil kailangan nilang magtrabaho. Hindi mapipigilan ang ganitong pangyayari.

Gayon pa man, napakaraming mga kabataan sa Manmin Central Church, nagpupuri at nananalangin sila ng maalab sa mga pagsamba tuwing Linggo; sa Magdamag na Pagsamba tuwing Biyernes (mula ika-11:00 ng gabi hanggang ika-4:00 ng umaga kinabukasan); at sa Pulong-Panalanging Daniel tuwing gabi.

Noong taong 2010, boluntaryo nilang isinagawa ang 'New Jerusalem Campaign'. Sa kampanyang ito, pinutol nila ang kaugnayan nila sa kulturang makamundo, lumago ang pananampalataya nila dahil sa Salita at pananalangin. Bukod dito, may mahalagang mga tungkulin sila sa iba't ibang gawain ng iglesya, at pinaghahandaan nila ng masigasig ang paglilingkod kapag humayo na ang iglesya sa buong mundo. Nagkaroon sila ng espirituwal na pananampalataya dahil nakita nila ang mga tanda, himala, at makapangyarihang pagkilos sa pananalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee.

Ayon kay Kap. Jungtaek Lee, "Kamuntik na akong mamatay 63 araw pagkapanganak sa akin dahil may ubas na bumara sa baga ko. Dalawang beses huminto sa pagtibok ang puso ko. Napakaliit ko pa para operahan. Walang magawa ang mga doktor at ang mga magulang ko, pero nagkamalay ulit ako dahil sa panalangin ni Dr. Lee na naka-record sa telepono (Automated Response System)."

Kilala ng mga miyembro ng iglesya si Kap. Lee bilang 'grape boy' (batang ubas). Mag-dadalawampung taon na siya sa taong ito. Nang siya ay pauwiin noon mula sa ospital, may pag-aalinlangan ang doktor na tumingin sa kanya dahil inisip nito na magkakaroon siya ng kumbulsyon at mga pisikal na kapansanan dahil sa nangyari. Pero lumaki siyang malusog. Papasok siya sa prestihiyosong Ulsan National Institute of Science ang Technology sa taong ito. Hindi niya malilimutan ang pagpapala ng Diyos na muling bumuhay sa kanya kaya gusto niyang ipangaral ang Salita ng buhay na Diyos, magpopropesor siya sa larangan ng siyensya.

Kailan lang, naranasan ni Kap. Hayoung Ku, 20 taong gulang, miyembro ng Korean Traditional Dance Team ng Komite ng Sining, ang dakilang pag-ibig ng Panginoon. Pinaghandaan niya ang pagpapakita ng kagandahan Langit sa pamamagitan ng tradisyunal na sayaw ng Korea sa mga tao sa buong mundo.

Malaki ang posibilidad na magkaroon siya ng kapansanan noong siya ay ipanganak. Pero, tinanggap ng nanay niyang si Punong Diakonesa Sunhwa Kang ang panalangin ni Dr. Lee, ipinanganak siyang normal. Nabuwal siya habang pinaghahandaan ang itatanghal niyang sayaw para sa pagpasok sa kolehiyo noong Oktubre 2014. Nagkaroon siya ng mga pasa sa katawan at napilayan. Pinagamit siya ng cast ng doktor at pinayuhang huwag munang igalaw ang braso. Pero gumaling siya pagkatapos niyang tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee na naibrodkast sa programang 'Pagbabalik Tanaw' ng GCN. Napakahusay ng ipinakita niyang sayaw sa pagsusulit, nakapasok siya sa kolehiyo.

Hindi lang ang mga kabataan sa Korea ang nakakaranas ng kapangyarihan ng Diyos, marami din sa mga sangay na iglesya sa ibang bansa. Nagkaroon sila ng tapat na pananampalataya at nagsikap na makamit ang mga pangarap nilang nagmula sa Diyos.

Ipinanganak na may kapansanan sa lalamunan ni Kap. Santhosh, 22 taong gulang, ng Chennai Manmin Church sa India. Nahirapan siyang kumain kaya payat at maliit na lalaki siya. Mahina rin ang utak niya kaya nag-alala ang pamilya niya. Gayon pa man, nang dumalo siya sa Chennai Manmin Church, gumaling ang kapansanan niya at tumalino pa siya. Nakapasa siya sa isang mahusay na unibersidad. Salamat sa talinong mula sa Diyos.

Tapat siya sa maraming boluntaryong paglilingkod sa iglesya. Sinabi niya, "Gusto kong kumuha ng law para maging abogado pagkatapos ko ng kolehiyo. Gusto kong makatulong sa pinansyal na pangangailangan ng iglesya at tumulong sa mahihirap at napabayaang mga kapwa."

Noong 7 taong gulang si Kap. Cynthia ng Pakistan, nahirapan siyang dumumi, may nakabara sa bituka niya at mayroon siyang celiac disease – hindi tinatanggap ng katawan niya ang protina na nakukuha sa mga butil na pagkain. Noong naging kritikal ang kondisyon niya, idinalangin ni Dr. Lee ang litrato niya at gumaling siya ng lubusan. Nag-aaral siya ngayon ng medisina sa isang prestihiyosong kolehiyo sa Lahore. Gusto niyang maging saksi sa pagpapatunay ng kapangyarihan ng Diyos batay sa impormasyon mula sa medisina. Nais niyang sumali sa ministeryo ng WCDN (World Christian Doctors Network).

Lumaya sa pagkasugapa sa paglalaro at gumaling mula sa sakit sa baga at leeg si Kap. Arnol Molina, 22 taong gulang, Presidente ng Misyon para sa mga Kabataan sa Peru Manmin Church, dahil sa panalangin ni Dr. Lee para sa mga may sakit sa isang pagsamba. Hinahangad niyang maging misyonero na nagpapatunay na may Diyos na buhay. Para makatulong sa gawain ng Diyos, nag-aral siya ng wikang Portuguese, tumutulong siya kay Pastor Lazarus J. Lee na nagmiministeryo sa Peru Manmin Church.

Bukod sa mga kabataang nabanggit, marami pang ibang nagbago sa espiritu at katawan dahil sa kapangyarihan ng buhay na Diyos. Nabubuhay sila bawat araw na puspos ng pag-asa mula sa Kanya. Gusto nilang ipangaral ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao sa buong mundo na naliligaw at hindi batid kung paano nila mapupunuan ang kanilang mga puso.

"Kusang-loob na ihahandog ng Iyong bayan sa araw ng Iyong kapangyarihan sa kagandahan ng kabanalan. Mula sa bukang-liwayway ng umaga, ang iyong kabataan ay darating sa Iyo na hamog ang kagaya." (Mga Awit110:3)











Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# “Huwag Kang Magnanakaw”

“Huwag kang magnanakaw.”
(Exodo 20:15)

•••

Kung tatawagin nating magnanakaw ang isang tao, magagalit siya dahil alam nating lahat na malaking kasalanan ang pagnanakaw.

Pero kadalasan, walang umaamin ng pagnanakaw. Ibig sabihin nagkakasala sila nang hindi nila alam, bukod dito, hindi sila nagsisisi dahil para sa kanila hindi ito kasalanan. Pag-aralan natin ang mga kahulugan ‘pagnanakaw’ sa pang-walong utos – “Huwag kang magnanakaw.”

## 1. Makalaman na pagnanakaw: kumukuha ng mga bagay na hindi sa inyo

May mga taong gumagamit ng mga bagay na hindi naman kanila, hindi nagpapaalam. Iniisip nilang hindi na dapat magsabi dahil malapit naman silang magkaibigan ng may-ari nito, at hindi naman ito mamahalin. Hindi sila nahihiya. Kung minsan, hindi nila agad sinasauli.

Hindi lang ito nakakasira sa may-ari, kawalan din ito ng galang at pagbabalewala sa taong iyon. Kahit maliit na bagay lang ito, at malapit na kaibigan ninyo ang may-ari, kung gagamitin ninyo ang isang bagay na pag-aari niya ng walang paalam, pagnanakaw ito sa mata ng Diyos.

Madalas, sinasabi ng iba, “Pwede ko bang gamitin ito?” o kaya, “Pwede ko bang hiramin?” Pagkatapos, gagamitin na nila ito ng paulit-ulit. Sa kagagamit nila nito, nauubos na, wala na silang isasauli sa may ari. Ang may-ari ang nawalan at naabala. Sa kabaliktaran, ang isang taong may mabuting konsiyensya ay mag-iisip muna kapag may kukunin siyang kahit maliit na bagay na pag-aari ng iba.

Bukod dito, pagnanakaw din kung tatanggapin natin ang isang bagay na nakuha sa maling paraan kahit hindi tayo ang nagnakaw o nanghiram nito. Halimbawa, mayroong tumanggap ng suhol, ginamit nila ang posisyon at kapangyarihan nila, ang iba naman ay naningil ng sobra at nangupit. Sa mga ganitong insidente, kokonsiyensyahin ang mabubuting tao. Ito ay pagnanakaw dahil nagkaroon sila ng isang bagay na hindi para sa kanila.

## 2. Espirituwal na pagnanakaw: kumukuha ng mga bagay na pag-aari ng Diyos

Ang pagnanakaw ng mga bagay na pag-aari ng Diyos ay may kaugnayan sa kaligtasan ng isang tao. Halimbawa, nagnakaw si Judas Iscariote mula sa mga perang kaloob na pinamahalaan niya. Isa siya sa labindalawang alagad ni Jesus, at dahil sa udyok ni Satanas, ipinagbili niya si Jesus. Hindi siya pwedeng tumanggap ng espiritu ng pagsisisi kaya humarap siya sa kaawaawang kamatayan, nagpatiwakal siya.

Isa siya sa labindalawang alagad ni Jesus, at dahil sa udyok ni Satanas, ipinagbili niya si Jesus. Hindi siya pwedeng tumanggap ng espiritu ng pagsisisi kaya humaharap siya sa kaawaawang kamatayan, nagpatiwakal siya.

May mga mananampalataya na nagnanakaw ng pera ng Diyos. Kung titingnan, parang mga mabuting Cristiano sila, mga manggagawa pa nga ng iglesya. Hindi nila naiisip kung gaano katindi ang kasalanang ginagawa nila. Nakikita ng Diyos ang lahat ng bagay, kahit hindi ito malaman ng iba at hindi sila maparusahan. Tiyak na magbabayad sila ayon sa halaga ng katarungan, mas kakilakilabot ito. Paano kung hindi sila magsisisi at makasama sila sa Pitong-taong Malaking Kapighatian bilang magnanakaw ng mga pag-aari ng Diyos? Nakakalungkot!

Susunod, pagnanakaw din ng mga bagay na pag-aari ng Diyos ang maling paggamit ng mga banal na bagay sa simbahan at paggastos ng pera ng iglesya sa mga bagay na hindi naman kailangan. Huwag nating gastusin ng walang ingat ang perang ibinayad para maging miyembro ng grupong pang-misyon at ang pondo ng grupo; at pagnanakaw din kung tatanggap tayo ng pera para sa iglesya, gagamitin ito, at hindi ibabalik ang sukli, sa halip, gagamitin ito sa personal na bagay. Ibig sabihin, ginamit natin ang pera ng Diyos ayon sa sariling kagustuhan.

Huwag nating gamitin ang telepono at iba pang gamit sa simbahan para sa personal na bagay. Bukod dito, dapat pagbawalan ng mga magulang ang maliliit nilang anak sa paggusot at pagsira ng mga sobre na pinaglalagyan ng perang para sa iglesya, mga bulletin, o diyaryo ng iglesya. Makakapagtayo ng pader ng kasalanan sa harapan ng Diyos ang mga bagay na ito.

Mahigpit ang babala ng Diyos sa atin tungkol sa pagnanakaw ng ikapu at iba pang bagay na para sa iglesya. Ang ikapung bahagi ng kinikita natin ay para sa Diyos bilang pagkilala ng kapangyarihan Niya sa mga materyal na bagay. Ito ay pagpapatunay na naniniwala tayo at tinatanggap natin ang Diyos bilang pinuno ng buhay natin. Kaya kung hindi tayo magbibigay ng ikapu habang nagpapatotoo tayo tungkol sa pananampalataya natin sa Diyos, ninanakawan natin Siya, darating ang mga sumpa (Malakias 3:8-9). Hindi ang Diyos ang susumpa sa atin, hindi Niya tayo mapoprotektahan mula sa mga akusasyon ni Satanas. Magdudusa tayo sa pinansyal, mga pagsubok, at karamdaman.

Ang ikapu ay hindi lang ikapu ng sweldo natin, ikapu ito ng lahat ng kinita natin. Kung mayroon tayong kinitang ekstra, o pera sa bulsa, o kaya, regalo mula sa ibang tao, kinita din natin ito. Dapat din tayong magbigay ng ikapu ng mga bagay na iyon. Pero may mga taong hindi ibinibilang ang ibang kinita, galing lang sa sweldo ang ibinibigay nilang ikapu. Pero kahit galing sa sweldo ang ikapu, ibinabawas muna nila ang mga gastusin, kinukuha nila ang ikapu ng perang natira. Kung minsan, kinukwenta nila ang ikapu, pero hindi nila ibinibigay ito bilang ikapu, ibibigay nila ito para sa gawaing para sa misyon o pangkawanggawa, kung saan nila gusto.

Susunod, huwag nating nakawin ang kaloob para sa pagpapasalamat. Napakaraming bagay ang dapat pasalamatan ng mga anak ng Diyos. Nagpapasalamat tayo dahil ligtas tayo at pupunta sa Langit; sa tinanggap na tungkulin, sa naiipong mga gantimpala; at sa proteksyon at mga biyaya ng Diyos sa atin sa bawat bagay. Nagpapasalamat din tayo kahit sa mga pagsubok at kahirapan, naniniwala tayo na gagawin ng Diyos ang lahat para sa ikakabuti ng lahat ng bagay. Kaya magbigay tayo ng kaloob bilang pagpapasalamat tuwing Linggo, at espesyal na kaloob tuwing may mga espesyal na okasyon.

May kinalaman din sa pagitan ng dalawang tao ang bagay na ito. Kapag tinulungan tayo ng isang tao, dapat lang na magpasalamat tayo at gawan din sila ng kabutihan para ipakita ang pagpapasalamat. Tulad nito, gusto rin nating magpasalamat sa Diyos dahil iniingatan Niya tayo bawat linggo at sinasagot Niya ang mga panalangin natin, gusto nating magkaloob ng mas malaki. Gayon pa man, may mga taong masama ang loob sa pagbibigay ng kaloob bilang pagpapasalamat kahit sinasabi nilang naniniwala sila sa Diyos.

Ipinapakita ng hindi masayang pagkakaloob sa Diyos na puno ng pagdaramot ang puso ng isang tao para sa kayamanan at makamundong hangarin (Mateo 6:24). Kung bago pa lang siyang Cristiano, baka maunawaan pa siya, pero kung matagal na siyang mananampalataya, baka manumbalik sa dati ang pananampalataya niya, hindi lumalago. Kaya may kinalaman sa kaligtasan ng isang tao ang pagkuha ng mga kaloob na dapat sana ay para sa Diyos.

Siyempre, magkakaiba ang sukat ng pananampalataya ng bawat tao, at dahil batid ng Diyos ang kalagayan ng kaibuturan ng puso ng bawat isa, hindi Niya tinitingnan ang halaga ng kaloob (Marcos 12:41-44). Gustong tanggapin ng Diyos ang mabangong samyo ng pagpapasalamat at pananampalataya. Kung malulugod Siya sa atin, tatanggap tayo ng malalaking biyaya mula sa Kanya. Pasasaganahin Niya ang mga kaluluwa natin, bibigyan Niya tayo ng masa marami pang dahilan para magpasalamat, at pagpapalain tayo ng 30, 60, at 100 beses na mas marami.

Ang isa pang klase ng espirituwal na pagnanakaw ay pagnanakaw ng Salita ng Diyos. Ito ay pagsasabi ng mga hindi totoong propesiya sa pangalan ng Diyos. May mga taong nagsasabi ng mangyayari sa isang tao sa hinaharap, parang manghuhula. Sinasabi niya na narinig niya ang tinig ng Diyos. At may mga taong nanaginip at sasabihing mula sa Diyos iyon. Ang iba naman ay nag-iisip ng mga bagay at sinasabing pangitain iyon na ipinakita ng Diyos sa kanila. Ito ay pagbanggit ng pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan.

Mabuti kung mauunawaan ang kalooban ng Diyos sa inspirasyon ng Banal na Espiritu, at pagkatapos, ipapangaral ito. Pero para gawin ito, suriin muna natin ang ating mga sarili kung totoong karapat-dapat tayong instrumento para ihatid ang Salita ng Diyos. Nakikiusap ako sa inyo na mag-ingat kayo sa mga sinasabi ninyo, huwag ninyong nakawin ang Salita ng Diyos sa inyong mga saloobin sa kahit anong paraan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, bukod sa mga halimbawang binanggit, pagnanakaw din ang hindi paggawa ng tungkulin, at paggamit ng oras na dapat sana ay ginagamit para sa Diyos. Nakikiusap ako sa inyo na iwaksi ninyo ang lahat ng makasariling pananaw at kasakiman. Hanapin ninyo palagi ang ikakabuti ng ibang tao nang may totoo at tapat na kalooban, may konsiyensya. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kayo nawa ay totoong maging mga perpektong anak ng Diyos sa katotohanan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Pagsusuri ng Sarili: Madaling Paraan sa Pagpapakabanal

Sa diksiyonaryo, ang kahulugan ng 'suriin' ay 'obserbahan o pag-aralang mabuti; inspeksyunin; analisahin'. Kung uugaliin ninyong suriin ang inyong mga sarili, mapapanatili ninyo ang Salita ng Diyos sa puso ninyo, maisasabuhay ninyo ito at hindi ninyo makakalimutan. Samakatwid, makikita ninyo ang mga kasalanan at mga kasamaan sa puso ninyo. Maiiwaksi na ninyo ang mga ito at mabibigyang lugod ang Diyos.

Sa madaling salita, kung nasa puso ninyo ang Salita ng Diyos at susuriin ang mga sinasabi, mga ginagawa, mga saloobin, at damdamin ninyo ayon sa Salita, mas magiging mabilis ang pagpapakabanal ninyo.

Pag-aralan nating mabuti kung ano at paano natin susuriin ang sarili.

**Una sa lahat,**
pag-aralan natin ang Salita ng Diyos, panatilihin ito sa puso

Kung nakabukas ang puso ninyo habang nakikinig na mabuti sa mensahe ng sermon, madali ninyong mauunawaan ito. Pero hindi ito nangangahulugang isinapuso ninyo ito.

May ilang dahilan kung bakit maaaring makalimutan ninyo ito, tulad ng: hindi ito sang-ayon sa nalalaman ninyo; nakaugalian na ninyong makinig pero may ibang iniisip; wala sa puso ninyo ang katotohanan; o kaya naman, makamundo kayo. Suriin ninyo ang dahilan.

Pag-aralan natin kung anong dapat nating gawin pagkatapos makinig ng mga sermon. Sabihin nating "Love is Patient' ang mensaheng pinakinggan natin. Pakinggan natin ito ng paulit-ulit, suriin kung ano ang kalooban ng Diyos na nakapaloob sa mensahe, at isapuso ito. Kung gagawin natin ito, mapagtitimpian na natin ang galit natin kahit naiinis tayo sa simula. Bukod dito, maaalala natin na gusto ng Diyos na makamit natin ang pag-ibig na hindi na kailangang magtiis, sisikapin nating magkaroon ng ganitong klaseng pag-ibig. Magbubunga ang pagtitiis natin.

Kapag susuriin natin ang Salita ng Diyos, isasapuso, isasabuhay, at gagawing pamantayan, magiging banal tayo. Pero paano kung natuto na tayo tungkol sa pagtitiis at nalaman natin na may itinatago pa rin tayong sama ng loob? Dapat nating matanto na marami pa tayong dapat gawin bago maging banal. Gusto ng Diyos na makaya nating tiisin ang lahat ng bagay, hangga't hindi na kailangang pagtiisan ang mga ito.

Pinag-aaralan ng mga Cristiano ang Salita ng Diyos, pero agad nila itong nakakalimutan. Kadalasan, ito ay dahil sa masasamang katangian ng puso nila. Dapat nilang mabatid ito, manalangin ng maalab, at tumuon sa Salita ng Diyos, at ugaliing isapuso ito at isabuhay.

**Pangalawa,**
sa pamamagitan ng Salita, suriin, kilalanin, at pag-aralan ang sarili

Pag-usapan pa rin natin ang mensahe tungkol sa 'pagtitiis'. Batid na natin na hindi perpektong pagtitiis ang pagtitimpi. Suriin natin ngayon ang sarili batay sa mensahe. Ang pagsusuri ay masinsinang pag-aaral, pagkilala sa mga saloobin, damdamin, pakiramdam, at gawain, batay sa Salita ng Diyos.

Sabihin nating nakita ninyong may masamang ginawa ang isa sa mga tauhan ninyo. Pinagsabihan ninyo ito, inisip ninyong ginawa ninyo ito nang may pagmamahal. Pero nabagabag siya at nabalisa. Anong gagawin ninyo ngayon?

Suriin at isipin ninyong mabuti kung anong mga sinabi ninyo para malaman kung nakasakit ng damdamin ang mga ito o kung hindi tama ang pagsasalita ninyo. Kung ipapasa ninyo ang pagkakamali sa ibang tao at hindi ninyo susuriin ang sarili, hindi mahuhubog ang puso ninyo sa kabutihan at pag-ibig.

Gumamit tayo ng isa pang halimbawa, Ipagpalagay nating siniraan kayo ng isang tao. Hindi ninyo inaway ang taong ito, pero masama ang loob ninyo, nababalisa, at nagrereklamo kayo tungkol dito sa malalapit ninyong kaibigan. Pinintasan pa ninyo ang taong ito nang magkamali siya. Ibig sabihin, may itinatago pa kayong galit.

Ngayon, ipagpalagay nating pinuri ang isang tao. Inisip ba ninyo ang mga kapintasan niya? Ipinapakita nito na naiinggit kayo sa kanya. Binaggit na kanina, isipin at suriin ang mga saloobin natin, kahit sumagi lang ito. Ito ang paraan ng mabilis na pagpapakabanal.

Nabanggit kanina, suriin at kilalaning mabuti ang sarili ayon sa Salita ng Diyos. Mas mahalaga, aminin natin ng may pagpapakumbaba ang mga kamalian at kapintasan natin. Kung may isang taong hindi kumportable sa mga sinabi natin tulad ng mga halimbawang binanggit, pag-aralan natin kung ano ang kulang kahit mabuti ang intensyon natin. Aminin natin kung ano ang mali at kulang para magkaroon tayo ng perpektong espiritu.

**Panghuli,**
suriin natin ang makasalanang likas, ipanalangin ito

Para maging banal, pagsisihan natin ang mga kasalanan natin, hindi lang noong mga nakaraan kundi pati ang makasalanang likas na nagudyok sa atin para gawin ang mga kasalanang ito, kahit hindi na natin ginagawa ang mga ito ngayon. Bukod dito, bunutin natin ang ugat ng makasalanang likas at lahat ng klaseng kasamaan sa puso natin. Kung susuriin natin ang masasamang ginawa natin, makikita natin ang makasalanang likas sa kaibuturan ng puso natin.

Kung magdadahilan tayo sa mga ginawa nating kasalanan, hindi natin lubos na makikilala ang sarili, hindi tayo makakapagbago. Huwag nating gamitin ang sariling pananaw at opinyon kung susuriin ang sarili. Gamitin ang Salita ng Diyos para makita ang mga kasalanan.

Ipagpalagay nating mayroong magkakaibang opinyon, naging dahilan ito ng pag-aaway. Suriin ninyo kung paano kayo kumilos, alamin ang makasalanang likas na naging dahilan ng pag-aaway, at iwaksi ito. Huwag na ninyong gawin ulit ito.

Kahit maling-mali ang opinyon ng ibang tao, pakinggan muna natin ito, pabayaan siyang makatapos. Kapag tapos na siya, pagkakataon na nating sabihin kung ano ang mali. Huwag tayong sumabat kapag may nagsasalita, ipinapakita nito ang kayabangan natin. Makikita natin ang makasalanang likas ayon sa Salita ng Diyos kahit sa mga insidenteng ganito.

Imbestigahan ang makasalanang likas na naging dahilan ng pag-aaway sa halip na ipanalangin na mawala ang pag-aaway. Kung mabagal ang pagbabago kahit palaging nananalangin, ibig sabihin, hindi pa ninyo nakikita ang makasalanang likas.

Para mabilis na mapabanal, pagnilayan natin ang buhay natin ayon sa Salita ng Diyos. Alamin ang mga pagkukulang, kung bakit natin ginagawa ang mga kasalanan, at manalangin na magpatuloy tayo sa pagwawaksi hangga't mawala na itong lahat. Ang pagsusuri sa sarili sa pamamagitan ng Salita ng Diyos at pagkilala sa makasalanang likas ay ang mabilis na paraan ng pagpapakabanal.

# "Nakaranas ako ng kagalakan sa buhay ko bilang isang Cristiano"

**Diakonesa Eunju Kim,** 41 taong gulang, Parokya 16



Pumasok ako sa kolehiyo ng musika sa Yonsei University, sa pagtugtog ng mga instrumento nakatuon ang pag-aaral ko. Tulad ng ibang estudyanteng nag-aaral ng mga instrumento ng musika, kumuha ako ng part-time job sa isang iglesya bilang taga-tugtog ng trumpeta.

Nakatapos ako ng kolehiyo, at nagturo ako ng pagtugtog ng trumpeta sa mga estudyante. Samantala, ibinalita sa akin ni Diakonesa Eunjung Kim, kasabay ko sa kolehiyo, ang tungkol sa Nissi Orchestra ng Manmin Central Church. Sinubakan kong sumali dito, natanggap naman ako. Mula noong Abril 2002, dumalo na ako sa mga pagsamba ng iglesya. Nakita ko ang kaibahan ng iglesyang ito sa mga iglesyang dinaluhan ko noong nasa kolehiyo pa ako.

Itinuturo ng iglesya ang tungkol sa kasalanan batay sa Salita ng Diyos sa Biblia. Buong akala ko, napakahirap magsulong ng buhay Cristiano sa iglesyang ito. Gayon pa man, noong Enero 2013, bigla kong hinangad na maging masigasig bilang isang Cristiano!

Naniniwala ako na nagkaroon ako ng pag-asa dahil kay Dr. Jaerock Lee, ang Punong Pastor ko, dahil tiniis niya ang isang taong tulad ko sa loob ng mahabang panahon. Idinalangin niya ako ng may pag-ibig at pag-luha.

Noong wala pa akong sapat na kaalaman para maunawaan ang mga sermon niya, binasa ko ang dalawampu sa mga libro niya. Habang binabasa ko ito, nabatid ko na nakakatulong ang mga mahalagang mensaheng ito sa mga miyembro sa pamamahala ng buhay nila bilang Cristiano. Nagkakaroon sila ng pag-asa at kasiyahan.

Mula Mayo 2013, sinimulan kong makipanalangin sa pulong-panalanging Daniel. Nagpasiya akong dumalo sa loob ng 30 minuto bawat araw. Habang nananalangin ako, nadama ko ang pag-ibig ng pastol. Samantala, naranasan ko ang kapangyarihan ng Diyos na buhay, lumago ang pananampalataya ko.

Noong Hulyo 2014, nagkaroon ako ng 'shingles' sa kanang braso. Pero pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ni Pastor Rev. Heesun Lee, Patnubay na Pastor ng Misyon para sa mga Kababaihan, nawala na ang mga paltos ko kinabukasan. Ganap ang paggaling nito.

Dahil sa panalangin ng Punong Pastor, gumaling din ang sakit kong cholinergic urticarial (hives). Kadalasan, nagkakaroon ng hives dahil sa reaksyon ng balat sa pageehersisyo, paliligo, pamamalagi sa mainit na kapaligiran o dahil sa matinding emosyon. Napakakati nito noong kumalat sa balat ko, hindi ako makatulog. Sinubukan ko pang matulog sa beranda para may hangin dahil mas kumakati ito sa mainit na lugar. Nagsimula ito sa kanang braso ko, pagkatapos kumalat na ito sa tatlong bahagi, nagkaroon din sa leeg ko.

Pinayuhan ako ng pastor ko sa parokya na maghanda para sa Retreat sa Tag-init ng Manmin para mapagaling. Dahil dito, naghandog ako ng pangakong panalangin, at pagkatapos lumakad na para dumalo sa retreat. Noong Agosto 4, 2014, habang nagseseminar, pinagsisihan ko ang pagsisimba nang walang pananampalataya kahit sampung taon na akong dumadalo sa iglesyang ito. Naghandog ako ng panalangin ng pagpapasalamat para sa pag-ibig ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol. Pagkatapos tinanggap ko ng buong puso ang panalangin ni Punong Pastor. Kinabukasan, magaling na ako, hallelujah!

Ang dahilan ng sakit ko sa balat ay hindi mapanatiling balanse dahil sa sobrang reaksyon ng 'automatic nerve system'. Buong buhay itong nananatili sa isang tao maliban na lang kung magkakaroon ng pisikal na pagbabago sa sistema nila. Pero gumaling ako dahil sa panalangin ng Punong Pastor, gumaling din ako sa sakit ko na may kinalaman sa pag-ihi na naging problema ko nang manganak ako.

Magkasamang nagsisimba ang asawa at anak kong lalaki ngayon. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na nagpanumbalik ng kaluluwa kong patay at may matigas na kalooban!



Isang sulat mula sa ibang bansa

# "Tumanggap kami ng pagpapala sa Seminar para sa mga Pastor at Krusada na may Mahimalang Pagpapagaling na idinaos ni Pastor Taesik Gil"

**Rev. Aziz Morgan,** Tagapangulo ng mga Iglesyang Pentecostal ng Ehipto

Mahal kong Dr. Jaerock Lee, Salamat sa suporta mo sa iglesya ko sa Ehipto. Ipinapalagay naming 'mother church' ng aming iglesya ang Manmin Central Church sa Korea. Inaasam namin na ipakita mo rin ang makapangyarihan pagkilos ng Diyos dito sa Ehipto. Tulad ng pagsunod at pagtitiwala ng mga Israelita kay Moises bilang lider ng pananampalataya, ganun din ang tiwala namin sa iyo.

Noong Disyembre 2014, nagkaroon ng seminar para sa mga pastor at krusada na may pagpapagaling. Si Pastor Taesik Gil ang namuno nito, at tumanggap ng malaking pagpapala ang mga dumalo. Sa seminar, ipinangaral ni Pastor Gil ang mensahe na nagsasabi kung bakit si Jesus ang Tanging Tagapagligtas, mula ito sa librong "The Message of the Cross." Pagkatapos pakinggan ang mensahe, sinabi ni Mouhamad Abed Elkader, isang Muslim, "Unang pagkakataon kong narinig ang tungkol kay Jesus na Tagapagligtas. Sinasabi ng mga Muslim na si Jesus ay isa sa mga propeta, pero dahil sa mensaheng ito, nalaman ko na si Jesus ay ang bugtong na Anak ng Diyos na dumating para iligtas tayo. Nalaman ko sa unang pagkakataon ang tungkol sa kaligtasan. Gusto kong ipangaral na si Jesu-Cristo ang tangi kong Tagapagligtas!"

Nang manalangin si Pastor Gil para sa mga may sakit gamit ang panyong pinanalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12), maraming nakalaya mula sa kanilang mga karamdaman. Si Alishaa ay gumaling mula sa gastritis, si Pastor Magdy mula sa diabetes, si Gerges Ayad sa slipped disc, si Hanan Ezat at Thouria Azez sa rayuma, si Saniora Samy sa hepatitis, Azeza Hana mula sa sakit sa puso, si Samya Samer sa neuritis, at Moufeeda Megally sa myopia. Hallelujah!









► Sa Seminar para sa mga Pastor at Krusadang may Mahimalang Pagpapagaling na idinaos sa Ehipto ni Pastor Taesik Gil, maraming gumaling mula sa kanilang mga karamdaman dahil sa mahimalang panyo, naging Cristiano sila.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jae Bong Um
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714